# *Ang Gawain ni Jesus sa Iyong Buhay*

***"1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y nagkaroon ng pista ang mga Judio; at umahon si Jesus sa Jerusalem.2 Sa Jerusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda, na may limang portiko. 3Na sa mga ito ay nangaghandusay ang marami sa kanilang mga maysakit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyo. 4Sapagka't lumulusong ang isang anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at kinakalawkaw ang tubig: at ang unang manaog sa tangke, pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa anomang sakit na dinaramdam. 5At naroon ang isang lalake, na may tatlongpu't walong taon nang maysakit. 6Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong maysakit, ay sinabi niya sa kaniya, Ibig mo bagang gumaling? 7Sumagot sa kaniya ang lalaking maysakit, Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke, pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako. 8Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka. 9At pagdaka'y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga'y araw ng sabbath. 10Kaya sinabi ng mga Judio sa kaniya na pinagaling, Ito'y araw ng sabbath, at hindi matuwid na buhatin mo ang iyong higaan. 11Nguni't sila'y sinagot niya, Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka. 12Tinanong nila siya, Sino ang taong sa iyo'y nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka? 13Nguni't hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagka't si Jesus ay humiwalay, palibhasa'y may isang karamihan sa dakong yaon. 14Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Jesus sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama. 15Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Judio na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling." (Juan 5:1-15)***

***"1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y nagkaroon ng pista ang mga Judio; at umahon si Jesus sa Jerusalem." (Juan 5:1)*** Ang talata na ating binasa sa itaas ay sinalita ang tungkol sa mga naganap na nangyari sa Jerusalem. Sa isang dako ng lungsod natagpuan natin ang mga Judio, ang mga tao sa lungsod, ay abala sa paghahanda ng pagkain, ilang mga damit at uso, mga awit, pagaanyaya sa mga tao at pagaayos ng kanilang buhay upang sila'y malayang makadalo at tuparin ang mga kinakailangan ng kapistahan.

Sa ibang banda at sa ibang bahagi ng lungsod natagpuan natin ang ibang pangkat ng mga tao. ***"2 Sa Jerusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda, na may limang portico." (Juan 5:2)*** Ang tawag sa kanila ng Bibliya ay mga maysakit ***"3 Na sa mga ito ay nangaghandusay ang marami sa kanilang mga maysakit, mga bulag, mga pilay, mga natutuyo," (Juan 5:3);*** sila'y hindi katangap tanggap at mga pilay sapagkat ang ilang mga kapansanan ay hadalng sa kanila sa pagiging sangkot sa normal na pang-araw-araw na buhay pagkilos at mga aktibidadis. Hindi nila kayang gumawa at kumita ng kanilang ikabubuhay. Sila'y matatagpuan sa isang tangke sa pintuan ng mga tupa, na tinatawag na Betesda na ibig sabihin sa Hebreo ay 'bahay ng habag' o 'daluyan ng tubig'. Ang mga taong iyon ay ang tupa ng Panginoon, may kapansanan kahit anong mga pagdurusa ay wala ni isang nagmamalasakit sa kanila. Ang ibang mga tao ay abala sa kanilang sariling buhay, at sa kapistahan, ngunit ang pangkat ng may kapansanan ay isinantabi ang kanilang pagkapilay at wala ni isa naroon upang magmalasakit sa kanila at tulungan sila. Ang ganoong kaganapan ay maaring angkop sayo. Ikaw ay maaring nakabukod at isinantabi o at walang kakayahan sa iba't ibang uri ng mga pagsubok gaya ng karamdaman, kahirapan, pagkabilanggo, walang katarungan, pagmamalabis o ibang mga anyo ng mga pagsubok at wala ni isang nagaalga sa iyo at wala ni isang nagmamalasakit tungkol sa iyong pagdurusa at sa tabi mo. Ngunit lakasan mo ang iyong loob mahal; ngayon si Jesus ay hinahanap ka upang tulungan ka. Sila'y nasa bahay ng habag ng Diyos, o sa daluyan ng tubig ng Banal na Espiritu, gaya nating lahat ngayon.

Si Jesus ay nasasa mga nagsasaya at ganon din si Jesus ay nasa mga nanangis. Siya ay bumaba mula sa Langit upang pagalingin ang may sakit, upang palayain ang mga binihag, upang iligtas, upang tulungan at iligtas mula sa mga kasalanan. Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan; Siya ay inilibing at nabuhay na maguli mula sa pagkamatay noong ikatlong araw upang magbigay ng walang hanggang buhay sa lahat na naniniwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang mga hakbang sa buhay. * Si Jesus sa sumasaiyo. Gaya ng Siya ay nasa mga pilay at sa maysakit, sa mga bulag, sa hindi nagtagumpay, atbp., Siya ay sumasaiyo. Gaya ng siya ay pumunta sa mga bulag, sa pilay, sa mga lumpo Siya ngayon ay lumalapit sa iyo. * Si Jesus ay sumasaiyo sa mga kaguluhan at sigrado na tutulungan ka Niya at ikaw ay pagtatagumpayin mula sa pagsubok na ikaw ay naroroon.

Dapat tayo din magkaroon ng parehong pagiisip ni Cristo; kahit na may mga taong nakapalibot sa atin na nagsasaya sa kanilang buhay at kasangkot sa mga kapistahan, ngunit kailangan nating kumilos kasama si Jesus at unahin ang ating oras patungo sa mga kapos-palad, sa mga maysakit at sa mga lumpo, at pumaroon at alagan sila, ipakilala sa kanila si Cristo, at ibigay sa kanila ang Kanyang Salita at pagmamalasakit, sa pagpapatong ng ating mga kamay sa kanila at ipanalangin sila.

Iyon ang simulain ng pagpapagaling sa mga maysakit na nakahandusay doon, ***"4 Sapagka't lumulusong ang isang anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at kinakalawkaw ang tubig: at ang unang manaog sa tangke, pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa anomang sakit na dinaramdam." (Juan 5:4)*** Ang katotohanan na tayo ay naririto upang salitain ang tungkol sa iang anghel na bumaba sa natatanging panahon at kinalawkaw ang tubig , at sinumang unang manaog sa tangke pagkatapos na ang tubig ay makalawkaw ay gumagaling. Parang ito'y nangyari din sa ganyang paraan gaya ng ating babasahin dito, ***"7 Sumagot sa kaniya ang lalaking maysakit, Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke, pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako." (Juan 5:7)*** Ayon sa katuruan hindi natin kayang ipaliwanag ang naganap, ngunit ang pilay na lalaki ay may paningin at pandinig at nasaksihan yaon. Na inulit at ang lalaking iyon ay nasaksihan iyon. Ngunit bakit sa dakong iyon lamang? Ito ay maaring sa pagkilos ng Banal na Espiritu na humantong sa pagpapagaling at ang mga tao ay iniugnay iyon sa isang anghel? Bakit sa ganoong paraan? Maari bang ang suliranin ay malutas sa ibang paraan ? Wala bang ibang solusyon ngunit iyon lamang? Ay maaring isang bagay ng pananampalataya na hinamon ?

Dito ang pagbisita ni Jesus sa dakong iyon ay sinagot ang marami ng mga katanungang ito at pagdududa, at nagawang malinaw na ang pananampalataya sa Diyos at kay JesuCristo at sa Kanyang Salita ay mahalaga sa pagpapagaling upang maganap. Si Cristo ay pumunta sa taong iyon at ipinangaral sa Kanya ang Ebanghelyo ng Diyos sa pagbibigay ng kagalingan at hinamon at nalagpasan ang lahat ng mga hangganan sa pagkaunawa tungkol sa pagpapagaling. Sa parehong paraan kailangan nating ipagpatuloy na ipangaral ang Ebanghelyo at hamunin ang mga tao para manampalataya sa Diyos at sa Kanyang biyaya at kapangyarihan, na sila'y maliligtas mula sa kanilang mga kasalanan, inaring ganap, makawala mula sa kadiliman papunta sa kaliwanagan at sa bagong plano na mayroon ang Diyos para sa kanila at mabuhay sa ilalim ng Kanyang pagibig, pag-aalaga at kaginhawaan.

Gayundin kapag ikaw ay nasa kaguluhan at sa gaoong miserableng kaagayan na iniisip mo na walang pag-asa, kailangan mong magtiwala sa Diyos na tutulungan ka Niya at gagawa ng mga himala at kababalaghan na lampas sa iyong kaunawaan at lampas sa iyong pag-iisip at mga hangganan.

Ayon sa simulaing iyon ang anghel ay nanaog sa tangkeng iyon at nagbigay ng kagalingan makikita natin doon ang isang lumpo na lalaki na naghihintay doon, ***"5 At naroon ang isang lalake, na may tatlongpu't walong taon nang maysakit." (Juan 5 :5)*** Kahit sa ngayon sa kaisipan ng mga tao maraming mga simulain at kasunduan na hindi sumasabay sa Salita ng Diyos, ngunit kanilang kinukuha ang mga ito kaya naman makikita mo na walang pag-unlad sa paglutas sa kanilang mga kaguluhan, at hindi sumusulong sa kanilang buhay dahil sila'y mga lumpo sa pamamagitan ng kanilang maling pag-iisip.

***"6 Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong maysakit, ay sinabi niya sa kaniya, Ibig mo bagang gumaling?" (Juan 5 :6)*** Ang lalaking paralitiko tinanong siya ng Panginoon, ''***Ibig mo bagang gumaling?''*** Sinusuri ni Jesus at iwinawasto ang kanyang pananampalataya na kinakailangang maituwid. Si Jesus ay lumapit sa taong maysakit o walang kabuluhan sa loob ng tatlumpu't walong taon at pinagaling siya. Yaon ay upang sabihin sa kanya at sabihin sa atin ngayon na hindi Niya kinalimutan ang mga Kanyang nilikha. Hindi Niya tayo kinalimutan, ngunit Siya ay darating at bibisitahin tayo at may malasakit para sa ating mga kailangan.

***"7 Sumagot sa kaniya ang lalaking maysakit, Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke, pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako." (Juan 5:7)*** Ang lalaki ay sumagot, "***Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke".*** Maaring ikaw ay kapareho. maaring ikaw ay may malaki at magulong problema, maaring ikaw ay lumpo sa pananalapi, pisikal, sa lipunan at ikaw ay nasa antas ng mababang lipunang pangekonomiya sa kumunidad at wala ni isa upang tulungan ka. * Naiisip mo kung paano lulutasin ang iyong problema ayon sa iyong hangganan ng kaunawan ng tao ngunit ang Panginoon ay may Kanyang sariling paraan upang talakayin ang iyong problema. Naiisip mo na kailangan mo ng tatlo o apat na katao upang lutasin ang partikular na problema iyong buhay. Naiisip mong kailangan mo ng ibang tao sa dakong iyon, ibang tao sa ibang lugar, at ilang mga tao na nakapalibot upang lutasin ang iyong probleman, ngunit ang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Cristo at sa Kanyang Salita ay ang kinakailangan. Ang kasaysayan ng mga tao na nasa tangke ay katulad nito: ***"3 Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita.4 Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin." (Juan 15:3-4)*** Kaya ang lahat ng mga tao na naghihintay sa pagkalawkaw ng tubig. Iyon lamang ang pagkakataon at paraan sa kanilang pagunawa upang gumaling at ito ay maibibigay sa una na makakauna sa tubig. Ang kanilang proridad ay 'Sino ang una na makakauna sa tubig? Ngunit sa nangyari dito sa kwento ay hindi sa iniisip ng pilay at sa karamihan ng maysakit kundi ang gustong gawin ng Diyos. Kaya sa hindi mo iniisip kundi sa nais gawin ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin ng mga paraan ng Diyos at hindi sa paraan ng mga tao. Ito'y nagtuturo sa atin***, "5 Tumiwala ka sa***

***Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan:6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas." (Kawikaan 3:5-6)*** Malinaw na ipinahayag ng Panginoon. ***"8 Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.9 Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip." (Isaiah 55:8-9)*** Hindi kailangang ng Panginoon na sundín ang pamantayan ng iyong pagiisip upang para sa Kanya ay lutasin ang iyong mga suliranin. Siya ay my sariling kaparaanan, saloobin, panahon, layunin at kalooban.

Tigilang magduda at manampalataya na si Jesus ay kayang lutasin ang iyong suliranin at sabay-sabay gaya ng ginawa Niya sa paralitikong lalake. Pinili ni Jesus ang mas malala at pinaka miserableng kaso sa mga pilay; Pinagaling Niya siya sa gayo'y magkaroon pa ng higit na pananampalatay sa Kanya. Magagawa Niyang gawin ang katulad para sa iyo. Gaya ng iyong binasa at narinig ang mensahe ni Jesus sa ngayon ay kumikilos sa iyong buhay; manampalataya na ang Kanyang biyaya ay mkakaabot sa iyo upang pagalingin ka, tulungan ka at alalayan ka. Si Jesus ay nilulutas ang iyong mga suliranin nang mabilis at sabay-sabay.

Hindi tinulungan ni Jesus ang mas bulag doon, sapagkat naririnig nila ang pagkalawkaw sa tubig at kaya nilang tulungan ang kanilang sarili at makapunta sa tubig. Hindi tinulungan ni Jesus ang mga bingi o ang mga pipi sapagkat sila'y may mga mata at nakikita nila kapag ang tubig ay nakalawkaw at sila'y makakalukso nang sabay-sabay. Ngunit tinulungan niya ang lalaki na nakakakita, nakakapagsalita ngunit hindi kayang kumilos; maaring siya ay gumagapang dahil sinabi niya kay Jesus, *datawpuwa't ako'y napaparoon',* na ibig sabihin siya ay gumagapang, Sa gayon, kahit na ang iyong suliranin ay malala, gusto pa rin ng Diyos sa iyo ngayon ay manampalataya sa Kanya na kaya Niya, ikaw ay iniibig Niya, Siya ay interesado sa iyo, at Siya ay darating upang tulungan ka at pagalingin ka, sapagkat si Jesus ay nandyan sa tabi mo.

Kahit sa ngayon maraming mga tao na ang kanilang mga mata at tenga ay nanood at nakikinig sa mga balita, TV, mga Satellite channel, at You tube, ngunit ang lahat ng iyon ay masamang mga balita. Sa gayon ating ituon ang ating mga paningin sa Salita ng Diyos at sa tinig ng Banal na Espiritu. Ituon natin ang ating mga mata kay Jesus at sa pagkilos ng Banal na Espiritu upang makatanggap tayo ng Kanyang biyaya at habag, ang kagalingan at ang tulong na kailangan natin sa panahong ito.

Ibinigay ni Jesus ang Kanyang kautusan sa lalaking ito: ***"8 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.9 At pagdaka'y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga'y araw ng sabbath." (Juan 5:8-9)*** Ito ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos. Na ang taong iyon ay madaling sumunod sa utos ng Diyos at gumaling. Madali niyang binuhat ang kanyang higaan at lumakad. * Gaya ng iyong sinunod ang Salita ng Diyos at ang Kanyang kautusan sa iyo sa gayon makikita mo ang Kanyang biyaya sa pagdaloy sa iyong buhay sa pagpapagaling, ang iyong mga suliranin ay malulutas at mawawala ang iyong pagkalumpo.

Ang kagalingan ay naganap sa araw ng Sabbath. ***"9 At pagdaka'y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga'y araw ng sabbath." (Juan 5:9)*** Ang Sabbath para sa atin ngayon ay ang araw ng pagsamba, ang araw na tayo ay nagtitipon nang magkakasama kasama ng katawan ni Cristo, ang Kanyang simbahan, makinig sa Kanyang Salita at may pakikipagpisan sa Kanyang presensya. Sa gayon kailangan nating ingatan ang ating araw ng Sabbath, upang ang Kanyang biyaya, ang Kanyang Salita at ang Kanyang kagalingan ay dumaloy sa ating buhay at tayo ay pagpapalain sa pamamagitan Niya, at ating buhay ay kumikilos at umuulad pasulong sa Kangyang direksyon.

Ang mga Judio ay sumalungat sa lalaki sapagkat binuhat niya ang kanyang higaan sa Sabbath sa pagsunod sa Salita ni Jesus: ***"10 Kaya sinabi ng mga Judio sa kaniya na pinagaling, Ito'y araw ng sabbath, at hindi matuwid na buhatin mo ang iyong higaan.11 Nguni't sila'y sinagot niya, Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka." (Juan 5:10-11)*** Ang lalaki ay hindi sumunod sa sinabi nila sa kanya dahil pinarangalan niya ang Salita ni Cristo nang higit sa kanilang kinaugalian, sapagkat ang mga Judio ay iniingatan ag Sabbath sa kinaugaliang paraan at ng walang pagpapasya; ng walang pagtatanto na ang Sabbath ay ginawa para sa tao at hindi ang tao para sa Sabbath. Sa parehong paraan kailangan nating parangalan ang kautusan ng Diyos at ang iniiutos ng Banal na Espiritu ng higit kay sa kinaugalian ng mga tao.

Ang mga Judio ay nagtanong sa lalaki tungkol sa taong nagpagaling sa kanya, ***"12 Tinanong nila siya, Sino ang taong sa iyo'y nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka?" (Juan 5:12)*** Ngunit ang lalaking pinagaling ay walang alam kung sino siya, ***"13 Nguni't hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagka't si Jesus ay humiwalay, palibhasa'y may isang karamihan sa dakong yaon." (Juan 5:13)*** Sa maraming beses nakakakuha tayo ng tulong at suporta mula sa Panginoon ngunit hindi natin alam ito. Tumingin

sa palibot at maari mong sabihin ang kapareho; ‘Si Jesus sa maraming mga kaganapan ay tinulungan ako at iniligtas ako mula sa aking mga kapahamakan.’

Nan pinagaling ni Jesus ang paralitikong lalaki. Pinagaling niya siya sa pisikal ngunit may iba pang gawain na kinakailangan gawin sa kanyang buhay. Kinakailanga siyang linisin mula sa kanyang mga kasalanan. At iyon ang tunay na nangyari. ***“14 Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Jesus sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama.15 Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Judio na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling.” (Juan 5:14-15)*** Ito ay totoo ang Panginoon na ating sinasamba. Hindi lamng tinulungan tayo, pinagaling at iniligtas, ngunit Siya ganoon din ay nagsasaway, naglilinis at nagdidisiplina. Yaon si Jesus na ating sinasamba, hindi murang biyaya, at ipawalang halaga. Ngunit ang Panginoon na nagtatama, nagtutuwid, at nagsasaway kapag ito ay kinakailangang pabalikin tayo sa tahanan at bumalik sa Kanya. * Ilagay sa iyong isip kapag ikaw ay bumalik at nagkasala sa gayon ang iyong kalagayan ay mas malala kaysa sa dati.

Sinalita ni Jesus ng tatlong beses sa lalaking ito sa himalang ito: Ang unang beses ay nasa unang bersekulo 6 nang tinanong Niya ang lalaki, ***“Ibig mo bagang gumaling?”,*** kung saan hinamon ni Jesus ang pananampalataya ng lalaki upang baguhin ang kanyang sariling kaunawaan, na ang kagalingan ay possible sa pananampalataya sa Diyos, at kay Cristo at sa Kanyang salita. Ang pangalawang beses ay sa bersekulo 8 nang initusan Niya ang lalaki, ***“Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka”,*** na kung saan ang lalaki ay madaling sumunod at pinatunayan na siya ay pinagaling sa pisikal at umalis gaya ng siya ay sumunod sa Salita ni Cristo. At sa bersekulo 14 nang sinaway Niya siya at binalaan siya sa templo, sinabi sa kanya, ***“Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama.”***

Ang salitang “gumaling” ay inulit sa sipi at gaya ng paglapit mo ngayon sa Panginoon sa pananampalataya sa Kanya at magsisi sa iyong mga kasalanan upang ikaw ay gumaling.

***Sa aking mahal at minamahal***: Sa lahat nang nasa itaas na mga bahagi ng biyaya ng Diyos sa anyo ng pagbabago ng isip, kagalingan, kaligtasan, tulong, at pagsaway upang linisin mula sa mga kasalanan, na ang paralitikong lalaki na pinagaling ni Jesus ay nalaman at napagtanto kung sino si Jesus sa Kanyang buhay. Ang parehong lalaking iyon sa gayon pagkatapos ay nagpatotoo, ***“na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling.”*** Ang katulad para sa iyo ngayon gaya ng iyong natanggap ang tulong at suporta mula sa Panginoon, habang ikaw ay nagsisisi sa iyong mga kasalanan, sa gayon dapat kang lumapit at sabihin sa mga tao at patotohanan sa buong sanglibutan at sabihin sa kanila ang salaysay ni Jesus sa iyong buhay. Isalarawan sa kanila kung paano ka Niya tinulungan, iniligtas ka, at nilisin ka mula sa iyong mga kasalanan. At higit sa lahat huwag kalimutang na iputong ang lahat nang iyon sa pahayag na ito, ***“na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling.”*** Sa gayon ay manalig na lumapit sa Diyos at manalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Diyos, ako’y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na naamatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita na humikayat sa akin, itinuwid ako sa tamang daan, na pinagaling ako, sinaway ako, itinuwid ako, at ako’y pinagaling.*

*Magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan. Panginoon ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan: ___________________________.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa iyong kamay. Panginoon puspusin ako ng iyong Banal na Espiritu at bigyan ako ng mga Espirituwal na mga kaloob na kailangan ko upang maglingkod sa iyo. Panginoon pangunahan ako upang gawin ang iyong kalooban at lumakad sa iyong mga paraan. Panginoon tulungan akong lumago sa iyong Espiritu upang makita at marinig ang lahat ng mabubuting bagay na iyong inihanda sa akin at sa mga umiibig sa iyo at naghihintay sa iyo.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatiran na lumapit sa iyo. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilan buhay upang sa ganon ay pumaroon at maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami bilang simabhan; kami’y nanalangin para higit na mga himala at kagalingan, paglilinis at pagpapabanal upang magawa sa aming kalagitnana. Panginoon pagalingin at iligtas ang higit pang mga tao sa amin at itaas sila upang maglingkod sa iyo, Panginoon tulungan silang pumaroon at magebanghelyo sa pagabot sa bagong mga tao at magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin an gaming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyods at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Ang Gawain ni Jesus sa Iyong Buhay. "Na si Jesus ang sa kaniya'y nagpagaling." Juan 5 :1-15. Kawikaan 3 :5-6. Isaiah 55:8-9.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com